WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx

Anyo at Ugnayang Gramatikal, Mga Gawaing Ilokusyonaryo at Estratehiyang Pangkomunikasyon sa Pagtuturo ng mga Gurong Hindi Likas na Tagapagsalita ng Filipino

Pearl Joy D. Guibo
University of the Immaculate Conception
pearljoyguibo@gmail.com

Jenifer D. Bugas, PhD
University of the Immaculate Conception
jbugas@uic.edu.ph

Abstrak

Nilayon ng pag-aaral na ito na suriin ang anyo at ugnayang gramatikal, mga gawaing ilokusyonaryo, at estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng mga gurong hindi likas na tagapagsalita ng Filipino. Gumamit ito ng kuwalitatibong deskriptibo-analitikong disenyo sa pagsusuri ng diskursong pangklase. Labindalawang (12) guro ng Filipino sa pampublikong paaralang sekundarya mula sa anim na sangay sa Rehiyon XI ang naging kalahok. Nangalap ng datos sa pamamagitan ng audio-video recording, obserbasyon sa klase, at transkripsyon ng mga pahayag ng guro. Sinuri ang datos batay sa anyong gramatikal, tungkuling ilokusyonaryo, estratehiyang pangkomunikasyon, at diskursibong palatandaan ng interaksyon at pagkatuto. Lumitaw na ang patanong, pautos, deklaratibo, pag-uulit, pagwawasto, at pagpapatibay ay nagsilbing kasangkapan sa pagpapadaloy ng talakayan. Naisakatuparan din ng mga pahayag ng guro ang pagpapasagot, pagpapakilos, pagpapalalim, pagtataya, pag-alalay, at pagpapatibay ng tugon ng mag-aaral. Natukoy na ang pagpapalit-wika, muling pagpapahayag, pagbibigay-halimbawa, pagbibigay-pahiwatig, at pagwawastong pagmomodelo ay nakatulong sa pagpapalinaw, pag-aangkop, at pagpapanatili ng partisipasyon. Ipinakita ng resulta na ang pagkatuto ay nahubog sa pagsagot, pagpapaliwanag, pakikipagtalakayan, pagtanggap sa puna, at paglalapat ng konsepto sa sariling karanasan. Iminumungkahi ng pag-aaral na palakasin ang pagsasanay ng mga guro sa kamalayang diskursibo, pragmatikong gamit ng wika, at multilingguwal na estratehiya.

Mga Susing Salita: Edukasyon, Filipino, diskursong pangklase, anyong gramatikal, gawaing ilokusyonaryo, estratehiyang pangkomunikasyon, Pilipinas

Publisher's Note

The WIKATIKAN: **Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)** publishes all articles under the terms of the **Creative Commons Attribution-Non Commercial 4.0 International License (CC BY-NC 4.0)**. This license permits any non-commercial use, sharing, adaptation, distribution, and reproduction in any medium or format, provided appropriate credit is given to the original author(s) and the source, a link to the Creative Commons license is provided, and any changes made are indicated. The authors retain copyright, and the publisher is granted the right of first publication.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx

1. Introduksiyon

Mahalagang kasangkapan ang wika sa pagtuturo ng Filipino sapagkat sa pamamagitan ng mga anyong gramatikal, gawaing ilokusyonaryo, at estratehiyang pangkomunikasyon ay naisasakatuparan ng guro ang iba't ibang layuning komunikatibo sa silid-aralan (Hidayat et al., 2022). Nananatiling suliranin sa diskursong pangklase ang mga paraan ng pananalita ng guro na naglilimita sa pakikilahok at pagkakataong matuto ng mga mag-aaral (Narvacan & Metila, 2022). Mahalaga ang pagsusuri sa ganitong suliranin dahil ang mga paraan ng interaksyon ng guro at mag-aaral ay may kaugnayan sa pagbuo ng makabuluhang talakayan at pagkatuto (Hennessy et al., 2023). Kinakailangang higit na maunawaan kung paano nagkakaugnay ang mga anyong gramatikal, gawaing ilokusyonaryo, at estratehiyang pangkomunikasyon sa aktuwal na pagtuturo ng mga gurong hindi likas na tagapagsalita ng Filipino.

Naitala nina Genç at Yüksel (2021) sa Turkey ang pangingibabaw ng mga tanong na nakabatay sa teksto at humihingi ng tiyak na sagot, na naglimita sa malayang pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayan. Sa China, sinuri ni Yang (2021) ang paggamit ng mga tanong ng guro at ang kahulugang interpersonal ng mga ito, kung saan ang ilang anyo ng pagtatanong ay naiugnay sa mas mahahabang tugon ng mga mag-aaral. Binigyang-pansin naman nina Aboulghazi et al. (2024) sa Morocco ang kamalayan ng mga guro sa pragmatikong aspekto ng pagtuturo ng wika at ang pangangailangang malinang ang kasanayang gramatikal at pragmatiko.

Nangibabaw sa mga interaksyong pangklase na sinuri ni Salvador (2022) sa Ilocos Norte ang mga palitang pinasimulan ng guro sa antas tersiyarya, na nagbigay ng limitadong pagkakataon para sa mas malayang pakikilahok ng mga mag-aaral. Sa Ozamiz City, Misamis Occidental, binigyang-pansin nina Dela Cruz et al. (2025) ang mababang pagganap at pakikilahok ng mga mag-aaral sa Filipino 8 at ang paggamit ng positibong pagpapatibay bilang paraan ng paghihikayat sa kanilang pakikipagtalastasan. Sinuri naman ni Lomangco (2025) ang mga tungkuling pangwika ng mga guro at mag-aaral sa mga klaseng Meranaw sa Baitang 1 sa ilalim ng mother tongue-based multilingual education, kung saan naging kapansin-pansin ang paggamit ng mga tanong at direktiba ng guro.

Natukoy nina Dadula at Fernandez (2026) sa Santo Tomas, Davao del Norte, ang mga suliranin ng mga gurong hindi medyor sa Filipino sa gramatika, talasalitaan, pagbigkas, at pagpapaliwanag ng mga konsepto, na may kaugnayan din sa kanilang kumpiyansa sa paggamit ng wika. Sa Tagum City, sinuri nina Aporbo et al. (2024) ang mga gawaing pananalita ng guro na maaaring makasagabal sa magalang na ugnayan o makatulong sa pagpapanatili nito sa silid-aralan. Naitala naman nina Mapinogos at Salimaco (2025) sa Davao Oriental at Mati City ang mga hamon sa pagtatanong ng mga guro, kabilang ang hindi pagtugon ng ilang mag-aaral at ang pag-angkop ng mga tanong sa layunin ng aralin at kakayahan ng mga mag-aaral.

Hindi pa ganap na nailalarawan sa mga naunang pag-aaral ang magkakaugnay na paggamit ng mga anyong gramatikal, gawaing ilokusyonaryo, at estratehiyang pangkomunikasyon ng mga gurong hindi likas na tagapagsalita ng Filipino sa multilingguwal na silid-aralan. Sinuri sa pag-aaral na ito ang mga pahayag ng mga

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx

Lumitaw sa pagsusuri ang magkakaibang tungkuling ilokusyonaryo na naisasakatuparan sa pamamagitan ng mga anyong gramatikal ng guro. Ang patanong ay ginamit sa pagpapalitaw ng kaalaman, pag-uusisa, pagpapalalim ng sagot, at pagsusuri sa pag-unawa, habang ang pautos ay nagsilbi sa pamamahala sa klase at pagbibigay ng direksiyon sa mga gawain. Ginamit naman ang deklaratibo sa pagpapaliwanag at pagtataya, samantalang ang paghihikayat at pag-uulit ay naging bahagi ng pag-alalay at pagpapatibay sa mga tugon ng mag-aaral.

Talahanayan 2. Ugnayan ng mga Anyong Gramatikal at Tungkuling Ilokusyonaryo sa Aktuwal na Pagtuturo

Ugnayang Gramatikal–Ilokusyonaryo	Halimbawa mula sa Datos	Gampanin sa Pagtuturo
Patanong → Pagpapalitaw ng Kaalaman	"Ano ba ang mga ideyang pumapasok sa inyong isipan?"	Pagkuha ng dating kaalaman
Patanong → Pag-uusisa at Pagpapalalim	"Bakit matapang?"	Paghingi ng paliwanag
Patanong → Pagsusuri sa Pag-unawa	"Nagkakaintindihan po ba tayo?"	Pagtitiyak sa pag-unawa
Pautos → Pamamahala sa Klase	"Itaas lamang ang inyong kamay."	Pag-aayos ng kilos
Pautos → Pagbibigay ng Direksiyon sa Gawain	"Magbilang muna tayo."	Pag-oorganisa ng gawain
Deklaratibo → Pagpapaliwanag	Pagbibigay ng kahulugan ng tekstong ekspositori	Paglalahad ng kaalaman
Deklaratibo → Pagtataya	"Tama yung pagkakasunod-sunod ninyo."	Pagbibigay ng puna
Pautos + Paghihikayat → Pag-alalay sa Pagbuo ng Sagot	"Subukan mo lang."	Paghikayat na sumagot
Pag-uulit → Pagpapatibay	Pag-uulit ng tanong at pangunahing termino	Pagbibigay-diin at paglilinaw

Ipinakita ng mga naitalang palitan na hindi nakatali sa iisang tungkuling ilokusyonaryo ang isang anyong gramatikal. Halimbawa, ginamit ang patanong upang kumuha ng impormasyon at humingi ng katwiran, samantalang ang deklaratibo ay nakapagsilbi sa pagpapaliwanag at pagbibigay ng pagtataya. Naging mahalaga ang konteksto ng talakayan at ang mga kasunod na tugon ng mga mag-aaral sa pagtukoy sa tungkuling komunikatibo ng bawat pahayag.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx

5.3 Mga Estratehiyang Pangkomunikasyon na Ginagamit ng mga Gurong Hindi Likas na Tagapagsalita ng Filipino

Natukoy ang labintatlong estratehiyang pangkomunikasyon na ginamit ng mga guro sa aktuwal na pagtuturo. Kabilang dito ang pagpapalit-wika, paghahalo ng wika, pag-angkop sa lokal na wika, paghikayat sa paggamit ng Filipino, pag-uulit, muling pagpapahayag, pagbibigay-halimbawa, pagsusuri sa pag-unawa, di-berbal na pagpapatunay, pagbibigay-pahiwatig, pagpapalakas ng loob at emosyonal na pag-alalay, pagwawastong pagmomodelo, at pag-uugnay sa konteksto. Ginamit ang mga estratehiyang ito sa pagpapalinaw ng mensahe, paggabay sa pagbuo ng sagot, at pagpapanatili ng interaksyon sa silid-aralan.

Talahanayan 3. Mga Estratehiyang Pangkomunikasyon at Kanilang Manipestasyon sa Diskursong Pangklase

Estratehiyang Pangkomunikasyon	Manipestasyon mula sa Datos
Pagpapalit-wika	"Dili siya mali."
Paghahalo ng Wika	Paggamit ng mga terminong activity, sequence, at feedback
Pag-angkop sa Lokal na Wika	Paggamit ng Cebuano sa paglilinaw ng ideya
Paghikayat sa Paggamit ng Filipino	"Sige Filipino, Filipino."
Pag-uulit	"Sunod? Sunod?"
Muling Pagpapahayag	Paglalahad muli ng sagot sa mas malinaw na anyo
Pagbibigay-Halimbawa	Paggamit ng "ilaw ng tahanan" bilang halimbawa
Pagsusuri sa Pag-unawa	"Naiintindihan ba?"
Di-Berbal na Pagpapatunay	Pagtaas ng hinlalaki at kamay
Pagbibigay-Pahiwatig	"Ang simbolismo..."
Pagpapalakas ng Loob at Emosyonal na Pag-alalay	"Huwag mahiya."
Pagwawastong Pagmomodelo	Pagbibigay ng wastong salita o bigkas
Pag-uugnay sa Konteksto	Paggamit ng mga karanasan sa pamilya at paaralan

Lumitaw sa mga nairekord na talakayan ang paggamit ng Filipino, Cebuano, at Ingles sa pagpapaliwanag at pagkuha ng tugon, kasabay ng paghihikayat sa mga mag-aaral na magpahayag sa Filipino. Ginamit din ang pag-uulit, muling pagpapahayag, at pagbibigay-pahiwatig upang linawin ang tanong o gabayan ang mag-aaral sa pagbuo ng sagot. Naitala ang pagwawastong pagmomodelo, mga pahayag na nagpapalakas ng loob, at pag-uugnay sa pamilyar na karanasan bilang iba pang paraan ng pagpapatuloy ng komunikasyon.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
sa mga naobserbahang interaksyon at pagkakataon sa pagkatuto, hindi sa direktang pagsukat ng pagbabago sa akademikong pagganap o pangmatagalang pagkatuto ng mga mag-aaral.

6. Talakayan

Ipinakita ng pag-aaral na ang mga anyong gramatikal, gawaing ilokusyonaryo, at estratehiyang pangkomunikasyon ay may magkakaugnay na tungkulin sa aktuwal na pagtuturo ng mga gurong hindi likas na tagapagsalita ng Filipino. Hindi lamang ginamit ang mga pahayag sa paghahatid ng impormasyon kundi sa paggabay sa mga gawain, pagpapalawak ng mga tugon, at pagpapanatili ng interaksyon sa silid-aralan.

Ang paggamit ng mga anyong patanong, pautos, at deklaratibo, kasama ang pagpapatibay, pagwawasto, at pag-uulit, ay nagpakita ng magkakaibang layuning komunikatibo sa diskursong pangklase. Kaayon ito ng pagsusuri ni Xue (2024), na nagtala ng paggamit ng mga anyong gramatikal sa paghahatid ng impormasyon at pamamahala sa interaksyon, at ni Ishino (2024), na nagsuri sa tungkulin ng pag-uulit sa pagpapatuloy ng talakayan. Naging mahalaga rin ang pagtatanong sa pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magpahayag ng kaalaman at magpaliwanag ng kanilang mga sagot.

Hindi palaging magkatumbas ang anyong gramatikal at tungkuling ilokusyonaryo ng mga pahayag ng guro. Ang patanong ay maaaring gamitin sa pagkuha ng impormasyon, pagtitiyak sa pag-unawa, at pagbibigay ng magalang na direktiba, samantalang ang deklaratibo ay maaaring magsilbi sa pagpapaliwanag at pagtataya. Umaayon ito sa Speech Act Theory nina Austin (1975) at Searle (1979), na nagbibigay-diin sa layuning komunikatibo ng pananalita, at sa pagsusuri ni Rapanta (2024), na kumikilala sa kahalagahan ng konteksto at mga kasunod na palitan sa pagtukoy sa tungkulin ng pagtatanong.

Naging mahalagang bahagi ng pagtuturo ang pagpapalit-wika, pag-uulit, muling pagpapahayag, pagbibigay-halimbawa, at pagwawastong pagmomodelo sa pagpapalinaw ng mga konsepto at paggabay sa mga mag-aaral. Ang paggamit ng Filipino, Cebuano, at Ingles ay nagbigay ng pagkakataong maipagpatuloy ang komunikasyon ayon sa pangangailangan ng talakayan. Maiuugnay ito sa pag-aaral ni De Los Reyes (2024), na tumalakay sa paggamit ng magkakaibang yamang pangwika sa multilingguwal na klase, at ni Tai (2024), na nagsuri sa paggamit ng mga yamang pangwika at di-berbal na pagpapahayag sa pagbuo ng kahulugang akademiko.

Naitala ang pagsagot, pagpapaliwanag, pagbibigay ng sariling halimbawa, at pakikilahok sa mga gawaing kolaboratibo bilang mga tugon ng mag-aaral sa mga pahayag at estratehiyang ginamit ng guro. Kaugnay ito ng pagsusuri nina Hennessy et al. (2023), na nagbigay-diin sa kahalagahan ng produktibong diyalogo sa pagpapalawak ng mga ideya, at nina Carless at Winstone (2023), na tumalakay sa kabuluhan ng puna sa pagpapaunlad ng pagganap. Gayunman, ang mga naobserbahang tugon ay nagsilbing diskursibong palatandaan ng pag-unawa at mga pagkakataon sa pagkatuto.

Sa kabuoan, lumitaw na ang pananalita ng guro ay hindi lamang kasangkapan sa paghahatid ng impormasyon kundi mahalagang bahagi rin ng pagbuo at pagpapatuloy ng interaksyon sa silid-aralan. Sa pamamagitan ng mga

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
anyong gramatikal, gawaing ilokusyonaryo, at estratehiyang pangkomunikasyon, nabigyan ang mga mag-aaral ng mga pagkakataong tumugon, magpaliwanag, at makibahagi sa pagbuo ng kahulugan sa aktuwal na talakayan.

7. Implikasyon ng Pag-aaral

May implikasyon ang pag-aaral sa pagtuturo ng Filipino, paggamit ng wika sa multilingguwal na silid-aralan, pagsasanay ng mga guro, at mga pananaliksik sa hinaharap.

Una, mahalagang isaalang-alang sa pagpaplano ng mga aralin ang paggamit ng mga anyong gramatikal at gawaing ilokusyonaryo na angkop sa pagpapaliwanag, pagtatanong, pagbibigay ng panuto, at pagpapatibay ng mga tugon ng mag-aaral. Maaaring isama sa mga sesyon ng Learning Action Cell (LAC) ang pagsusuri at pagmomodelo ng mga pahayag ng guro upang mapahusay ang kanilang paggamit ng wika sa aktuwal na pagtuturo.

Ikalawa, kailangang bigyang-pansin ang ugnayan ng anyong gramatikal at tungkuling ilokusyonaryo sa pagsasanay ng mga guro at pagmamasid sa klase. Ang pagsusuri sa mga aktuwal na palitan ng pahayag ay maaaring maging gabay sa pagpili ng mga tanong, panuto, at tugong nagpapalalim ng sagot at nagpapanatili ng makabuluhang interaksyon.

Ikatlo, maaaring gamitin ang pagpapalit-wika, paghahalo ng wika, pag-uulit, muling pagpapahayag, at pagbibigay-halimbawa upang matugunan ang magkakaibang pangangailangang pangwika ng mga mag-aaral. Maaaring magsilbing pansamantalang suporta ang Cebuano at Ingles sa pagpapaliwanag ng mga konsepto habang unti-unting hinihikayat ang mga mag-aaral na magpahayag sa Filipino.

Ikaapat, mahalagang magdisenyo ng mga gawaing nagbibigay ng pagkakataong magpaliwanag, mangatwiran, makipagtulungan, at maglapat ng natutuhan. Kailangang samahan ang pasalitang pagsagot at pakikilahok ng mga gawaing sumusuri sa kakayahan ng mag-aaral na magpaliwanag at gumamit ng kaalaman nang may mas kaunting paggabay, sapagkat hindi sapat ang pakikilahok lamang bilang patunay ng ganap na pagkatuto.

Para sa mga pananaliksik sa hinaharap, mahalagang mapalawak ang saklaw at pamamaraan ng pagsusuri sa diskursong pangklase ng mga gurong hindi likas na tagapagsalita ng Filipino.

Ikalima, maaaring magsagawa ng mga pag-aaral sa iba pang rehiyon, antas ng baitang, at mga gurong may magkakaibang unang wika upang maihambing ang kanilang paggamit ng mga anyong gramatikal at gawaing ilokusyonaryo. Makabubuti ring magsuri ng mas maraming nairekord na sesyon at magsagawa ng panayam upang maunawaan ang mga dahilan ng guro sa pagpili ng mga pahayag.

Ikaanim, nangangailangan ng mas masusing pagsusuri ang ugnayan ng anyong gramatikal at tungkuling ilokusyonaryo ayon sa konteksto at pagkakasunod-sunod ng interaksyon. Maaaring pagsamahin ang pagsusuri sa mga palitan ng pahayag at panayam upang maihambing ang nilalayong tungkulin ng guro sa aktuwal na interpretasyon at pagtugon ng mga mag-aaral.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Dadula, G. A. G., & Fernandez, A. T. (2026). Teaching across specialization: Experiences of out-of-field non-Filipino major teachers. *International Journal of Research and Scientific Innovation, 13*(3), 501–510. https://doi.org/10.51244/IJRSI.2026.1303000044

Dela Cruz, H. B., Estomata, L. I., & Baluyos, G. R. (2025). From shy to shine: Enhancing student participation in Filipino lessons through positive reinforcement strategy. *International Journal of Research and Innovation in Social Science, 9*(9), 112–127. https://doi.org/10.47772/IJRISS.2025.909000011

De Los Reyes, R. A. (2024). Translanguaging in multilingual elementary classrooms in the Philippines. *World Englishes, 43*(4), 678–692. https://doi.org/10.1111/weng.12672

Derewianka, B., & Jones, P. (2023). *Teaching language in context* (3rd ed.). Oxford University Press.

Genç, E., & Yüksel, D. (2021). Teacher questions in English medium instruction classrooms in a Turkish higher education setting. *Linguistics and Education, 66*, Article 100992. https://doi.org/10.1016/j.linged.2021.100992

Halliday, M. A. K., & Matthiessen, C. M. I. M. (2014). *Halliday's introduction to functional grammar* (4th ed.). Routledge. https://doi.org/10.4324/9780203783771

Hamman-Ortiz, L., & Romero, D. (2025). Translanguaging as mediated praxis: A comparative case study of bilingual and monolingual teachers experimenting with translanguaging pedagogy. *Teaching and Teacher Education, 156*, Article 104878. https://doi.org/10.1016/j.tate.2024.104878

Hennessy, S., Calcagni, E., Leung, A., & Mercer, N. (2023). An analysis of the forms of teacher-student dialogue that are most productive for learning. *Language and Education, 37*(2), 186–211. https://doi.org/10.1080/09500782.2021.1956943

Hidayat, D. N., Fadhilah, & Septiawan, Y. (2022). Speech acts in English classroom: A case at a junior high school in Indonesia. *EduLite: Journal of English Education, Literature, and Culture, 7*(2), 251–265. https://doi.org/10.30659/e.7.2.251-265

Ishino, M. (2024). Inclusive third-turn repeats: Managing or constraining students' epistemic status? *Classroom Discourse, 15*(1), 24–51. https://doi.org/10.1080/19463014.2023.2190033

Lomangco, S. H. (2025). MTB-MLE classroom interactions: A pedagogical analysis of language functions among Meranaw Grade 1. *International Journal of Language and Literary Studies, 7*(6), 37–60. https://doi.org/10.36892/ijlls.v7i6.2051

Mapinogos, A. B., & Salimaco, R. A., Jr. (2025). Exploring the art of questioning in mathematics: A qualitative inquiry into master teachers' classroom practices. *Asian Journal of Education and Social Studies, 51*(6), 886–900. https://doi.org/10.9734/ajess/2025/v51i62044

Narvacan, C. I., & Metila, R. A. (2022). Investigating the features of teacher talk in an online English classroom: A discourse analysis. *International Journal of Research Studies in Education, 11*(15), 67–81. https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.b032

Pawapootanon, A., Poopatwiboon, S., & Ambele, E. A. (2025). Pedagogical translanguaging in English classrooms: Teachers' and students' experiences in a Thai secondary school. *Australian Journal of Applied Linguistics, 8*(3), Article 2257. https://doi.org/10.29140/ajal.v8n3.2257

Rapanta, C. (2024). Defining openness in teachers' 'open' questions: A pragmatic approach. *Pragmatics and Society, 15*(4), 607–631. https://doi.org/10.1075/ps.20015.rap

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.mindutaresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Salvador, N. S. (2022). Patern ng exchanges ng mga interaksiyong pangklasrum sa antas tersiyarya. *RHYTHM*, *1*(1). https://doi.org/10.56901/RHYT7452

Searle, J. R. (1979). *Expression and meaning: Studies in the theory of speech acts*. Cambridge University Press.

Sedova, K., Sedlacek, M., Salamounova, Z., Lintner, T., Svaricek, R., Vlcek, J., Malikova, K., & Rozmahel, I. (2025). Let them all talk: Equitable participation in classroom dialogue as a result of an intervention programme. *Language and Education*, *39*(6), 1471–1489. https://doi.org/10.1080/09500782.2025.2454637

Tai, K. W. H. (2024). Classroom interactional competence in an English medium instruction mathematics classroom: A creation of a technology-mediated translanguaging space. *Learning and Instruction*, *90*, Article 101849. https://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2023.101849

Wong, C.-Y. (2024). Centring on students' needs by engaging in translanguaging shifts. *ELT Journal*, *78*(3), 284–296. https://doi.org/10.1093/elt/ccae004

Xie, F., & Derakhshan, A. (2021). A conceptual review of positive teacher interpersonal communication behaviors in the instructional context. *Frontiers in Psychology*, *12*, Article 708490. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.708490

Xue, Y. (2024). Analysis of the interpersonal meaning in the teacher discourse in competition videos. *English Language Teaching and Linguistics Studies*, *6*(5), 241. https://doi.org/10.22158/eltls.v6n5p241

Yang, X. (2021). How can EFL teachers make their questions more interactive with students? Interpersonal patterns of teacher questions. *System*, *99*, Article 102509. https://doi.org/10.1016/j.system.2021.102509